**Pamagat**: Ano ang Sinasabi ng Katuwiran ayon sa Pananampalataya

**Texto**: Romans 10:6a "But the righteousness which is of faith speaketh on this wise,…"
Pagsasalin: Datapuwa't sinasabi ng katuwiran ayon sa pananampalataya ang ganito,…

**Panimula**:

1. Ano ang pananampalataya ayon sa Diyos?
2. Itong mga bersiculo na binasa natin ay galing kay Apostol Paul (Pablo) habang siya ay na sailalim ng kapangyarihan ng Banal na Espirito. At ipinapaliwanag sa atin ang katangian ng tunay na pananampalataya, yaon tinatawag sa v.6 na katuwiran ayon sa pananampalataya.

**I. Ang Mga Pangyayari**:

1. (v.1) Mga kapatid, ang nais ng aking puso at ang aking panalangin sa Dios para sa Israel ay upang sila'y mangaligtas. [kalahi niyang mga Judio]. Inakala ng buong relihiyon ng mga Judio na sila ay nakalulugod sa Diyos. Pero, ang katotohanan ay kailangan pala nila na maligtas.
2. (v.2) Sapagka't sila'y pinatotohanan ko na may sigasig sila (mga pagmamalasakit) para sa Dios, datapuwa't hindi ayon sa kaalaman (pagkakilala). Hindi ito ayon sa katotohanan ng Salita ng Diyos. Taimtim pero hindi ayon sa Diyos. Ang sa kanila basta sumunod sila sa batas ng Diyos, ay sila ay magiging ligtas.
3. (v.3) Hindi nila alam ang katuwiran ng Diyos. At sapagkat sinisikap nilang maitatag ang kanilang katuwiran, hindi sila nagpapasakop sa katuwiran ng Diyos (na itinakda ng Diyos). Mayroon pamamaraan ang Diyos upang ang makasalanang tao ay mailigtas, upan maituwid ang tao, ngunit hindi ito binigyan pansin ng mga Judio. Ganito rin po ang naparaming tao sa mundong ito.
    - A. Ang Katuwiran ng Diyos. Siya ay banal. (Lev. 19:2; 20:7)
    - B. Hindi sila nagpasakop sa Katuwiran ng Diyos. Sumama ang pagmamataas sa kamangmangan. Bakit dapat pang hanapin ang Katuwiran ng Diyos samanatalang mayroon akong sariling Katuwiran?
    - C. (v.5) Sapagka't isinulat ni Moises na ang tao na gumagawa ng katuwirang ayon sa kautusan ay mabubuhay dahil dito. Ngunit, walang pwedeng gumawa ng ganito dahil lahat tayo ay makasalanan. (Lev. 18:5; Gal. 3:10 (cf. Deut. 27:26); James 2:10).

**II. Ang Pananampalataya ayon sa Diyos**: (v.6) Datapuwa't sinasabi ng katuwiran ayon sa pananampalataya ang ganito: … ito ay Katuwiran na may ankop na kapatawaran at pagtanggap ng Diyos sa mga makasalanang tao. Pero paano ito maaring mangyari? Ito ay sa pamamagitan ng salita ng pananampalataya (ayon sa Rom. 10:8 – the word of faith). Ano ang sinasabi ng pananampalataya?

1. (v.9a) Sapagka't kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus. – Ang tunay na panampalataya ay dalangin ng kaluluwa. Tumatawag ito sa Panginoon para sa kaligtasan. Ito ay pagpapahayag ng pangangailangan. Taimtim na pananalangin. Hindi lamang ito sa pankaisipan, o talino. Kailangan ko ng kapatawaran, at ako ay dumadalangin sa Diyos. Inaamin ko ang aking pagkakasala at ikinukumpisal ko na Jesus Cristo ay Diyos, Panginoon, at Tagapagligtas ng aking buhay. Sumasangayon ako sa Salita ng Diyos.
2. (v.9b) at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios. Kasama nito ang puso. Ito ay taos-puso, tunay, kasangkot na damdamin at pagmamahal; kahihiyan dahil sa kasalanan; malalim na alalahanin; pagkabigla tungkol sa maling paniniwala; abides; hindi madaling nakalimutan; nagtaka nang labis kay Cristo. Siya ay banal ngunit ilinagay ng Diyos Ama sa kaniya ang lahat ng ating mga kasalanan. (2 Cor. 5:21). Siya ay muling ibinuhay!

**Katapusan**:

1. Hindi po mahirap ang pananampalataya (Rom. 5:5-6). Hindi kailangan pa na gumawa ang makasalanang tao. Lahat ay nagawa at nakumpleto na para sa atin kay Cristo Jesus.
2. Tanggapin mo ang Panginoong Jesus bilang iyong lubos na Katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. Idagdag ng Diyos ang kanyang pagpapala para kay Jesus.